REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 98-01**

**KAPASIYAHAN NA NIRARATIPIKA ANG KONTRATA NA NILAGDAAN NG PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, HINGGIL SA KASUNDUAN NG PAG-UPA SA ISANG (1) YUNIT NG TOWNHOUSE NA PAG-AARI NI GNG. LUNINGNING SANTOS NA PANSAMANTALANG INOOKUPA NG TUNASAN HEALTH CENTER.**

*************************************************************************************

**Nagpanukala :** **Kgg.Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang **Tunasan Health Center** ay pansamantalang inilipat ng lugar bunga ng pagkasira nito sanhi ng mga nagdaang bagyo;

**SAPAGKAT,** ang madaliang paglilipat ay ginawa upang hindi maantala ang paglilingkuran sa mga mamamayan at maipagkaloob kaagad ang mabilis, maayos at epektibong serbisyo publiko;

**SAPAGKAT,** noong Setyembre 1996, ang isang (1) yunit ng townhouse na pag-aari ni Gng. Luningning Santos ay pansamantalang nilipatan at inokupa ng Tunasan Health Center;

**SAPAGKAT,** habang ang nasabing yunit ng townhouse ay ginagamit ng **Tunasan Health Center**, ang Pamahalaang Lungsod ay nagpapagawa ng isang Two Storey Building upang siyang gawing opisyal na lugar ng Tunasan Health Center;

**SAPAGKAT,** hanggang sa kasalukuyan, ang nasabing yunit ng townhouse , ay patuloy na inookupa ng Tunasan Health Center subalit ang may-ari nito ay hindi pa nababayaran ng anumang kompensasyon;

**SAPAGKAT,** sa kontrata na nilagdaan ng Punonglungsod, **Kgg. Ignacio R. Bunye at Gng. Luningning Santos,** napagkasunduan ang pagbabayad ng halagang **LIMANG LIBONG PISO (P5,000.00)** kada buwan simula **Setyembre 1996 hanggang Agosto 1997;**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**SAPAGKAT,** sa kadahilanan na ang nasabing yunit ay patuloy pa ring naookupa ng Tunasan Health Center at hindi nalilipat sa bagong gawang gusali, nararapat na mapalawig ang kasunduang nilagdaan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na pagtibayin ang kasunduang nilagdaan ng Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye at palawigin pa ang kasunduang ito hanggang sa mabakante at pormal na makalipat ang nasabing **Tunasan Health Center;**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **19 Enero 1998, sa ginanap na Ikalawang (2nd) Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**LIBAN:**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : ____________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196